# “Sagabal”

A Lord’s Flock General Assembly Topic
Ni: Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
Abril 23, 2022

Ang mga sagabal ay mga balakid o hadlang na pumipigil sa ating paglago bilang Kristiyano. Sa talinghaga ng Binatang Mayaman (Mateo 19:16-22), ang mayamang binata ay gumawa ng masamang desisyon dahil sa mga sagabal. Hinahanap niya ang kulang sa kanyang buhay at may tatlo siyang tanong kay Hesus: *1. Ano pang kabutihan ang maaari kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan? 2. Alin sa mga utos mo? 3. Ano pa ang kulang ko?* Ipinapaalala sa atin ng talinghaga na si Hesus dapat ang sentro ng ating buhay, at Siya lamang ang makapupuno sa bahaging kulang. Ibig sabihin kailangan nating iwaksi ang iba nating mga diyos-diyusan at sundin ang lahat Niyang utos.

**May 4 na katotohanan sa talatang ito:**

**1. Ang bawat isa ay naghahanap upang matagpuan ang tunay na kahulugan ng buhay.** Sa kabila ng kanyang yaman at kapangyarihan, ang mayamang binata ay naghahanap ng daan kung paano niya makamit ang buhay na walang hanggan. Ang buhay na walang hanggan ay katumbas ng buhay na sagana. May ibang maling pagkaunawa sa “buhay na walang hanggan” ang ibang Kristiyano; naniniwala sa walang katapusang buhay - buhay pagkatapos mamatay. Gayunpaman, itinuro sa atin ni Hesus na ang buhay na walang hanggan ay buhay na ganap, sagana, at kasiya-siya (bago tayo mamatay), at ipagpapatuloy pagkatapos mamatay. Kapag isinuko na natin ang ating buhay sa Kanya, kapag talagang tinanggap na natin Siya at sinusunod natin ang Kanyang kalooban, makararanas tayo ng buhay na walang hanggan.

**2. May nakalaang silid para sa Diyos na nag-iisa sa ating buhay.** Sinabi ni Hesus na walang makapagliligtas sa atin dito sa mundo. Kung gusto nating makamtan ang walang hanggan, sundin ang mga Kanyang mga utos. Sinabi ng mayamang binata na sinunod niya ang lahat ng mga utos na ito; gayunpaman may isang hindi niya binanggit - “Huwag magnasa ng hindi sa iyo.” Alam ni Hesus na ito lang ang hadlang sa lalaking ito upang makamit niya ang buhay na walang hanggan. Sinubok siya ni Hesus at sinabing, “Ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamigay sa mahihirap.” Hindi niya kayang ipamigay ang kanyang yaman at umalis palayo. Nahaharap tayo sa maraming hadlang: materyal na bagay, ari-arian, pera, oras, trabaho at iba pa. Bilang Kristiyano kaya ba nating isuko ang lahat ng mahalaga sa atin para sa Diyos? ”Huwag kang magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa akin” (Exodo 20:2).

**3. Napakahirap sa isang mayaman o kahit sinong tao na makamit ang kaligtasan.**
Pinapaalala rin ni Hesus sa atin na makakamtan lang natin ang ating kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal at awa (Efeso 2). Ang Diyos lang ang daan, ang buhay, at ang katotohanan (Mga Kawikaan 30).

**4. May pag-asa tayo dahil dalubhasa ang Diyos sa mga imposible - sa Kanya, lahat ay possible.**
Ito ay imposible sa tao, pero sa Diyos ito ay posible. Ang kayaman ay gantimpala ng Diyos sa ating pagkamatuwid. Sinadya ni Hesus na bigyan Niya tayo ng yaman at biyaya upang tayo’y maging daluyan para sa iba, maging daan upang mabigyan ng kaluwalhatian ang Kanyang Pangalan.

**Konklusyon:**
Ipinapaalala ni Hesus sa atin na magsikap tayong gawin ang nararapat para makasunod sa Kanyang kalooban at mamuhay ayon sa Kanyang kagustuhan. Malalasap natin ang ganap Niyang biyaya kung uunahin natin Siya sa lahat ng bagay.
Dagdag pa nito, gagantimpalaan Niya tayo kapag gumagawa tayo ng mabuti sa ating kapwa.

**Pagninilay:**
1. Masasabi mo bang wala ng kulang ang iyong buhay?
2. Anong mga bagay ang humahadlang sa pagsuko mo ng iyong buhay sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya#Pagsunod